

MGA KASAYSAYAN NG PROPESIYA



Ang Sukol Na Hain

Genesis 22:1-19

Ang Kasaysayan...

Madilim-dilim pa nang marinig ng matandang patriarka ang maliwanag na tinig ng Dios. “Abraham ... kunin mo ang iyong anak, ang iyong bugtong na anak na si Isaac, na iyong minamahal at pumaroon ka sa lupain ng Moria, at ihain mo siya roon na handog na susunugin sa ibabaw ng isang bundok na sasabihin ko sa iyo.” Genesis 22:1, 2.

Nangilabot si Abraham nang isaalang-alang niya ang nakatatakot na ibubunga ng utos na ito. Ipinangako ng Dios, na sa pamamagitan ni Isaac, siya ay magiging

ama ng isang makapangyarihang bansa. Ang lahat ng pag-asa at pangarap ni Abraham ay nakaukol sa batang ito na ibinigay ng Dios sa kanya at kay Sarah sa kanilang katandaan. Naguguluhan siya kung bakit hiniling ito sa kanya ng Dios, ngunit natutuhan na niyang magtiwala at sumunod sa kanyang makalangit na Ama. Marahan niyang ginising ang batang si Isaac at ang dalawa nilang katulong, at sil’y nagsimula na ng kanilang tatlong araw na paglalakbay tungo sa Moria. Nang sila’y malapit na sa bundok ay tinagubilinan niya ang mga katulong na maghintay na lamang sa pagbabalik nilang magama. Pasan ni Isaac ang mga kahoy at magkasama silang magama na umakyat ng bundok. “Ama,” ang sabi ni Isaac, “narito ang apoy at kahoy, ngunit saan naroon ang korderong handog na susunugin?” At sumagot si Abraham, “Anak, ang Dios ang mghahanda ng koderong susunugin.”



Nang makarating sila sa ibabaw ng bundok, may luhang ipinaliwanag ni Abraham ang layunin ng kanilang

5 misyon. Kusang-loob na sumunod ang bata. Malumanay na tinalian ng ama ang kanyang anak at inihiga sa ibabaw ng batong altar. Itinaas ni Abraham ang sundang ngunit pinigil siyang bigla ng anghel at tinagubilinang ihandog ang isang tupang lalaki na huli sa dawag sa kanyang mga sungay.

Hindi lamang ito ang kasaysayan ng isang ama na gumawa ng mahapding pasya na isaknipisyo ang kanyang mahal na anak.



Ang Pag-aaral...

Punan ang mga puwang pagkatapos na basahin ang bawat talata ng Biblia.

1. Sino ang kinakatawanan ng hayop na ipinalit kay Isaac?

Juan 1:29 Nang kinabukasan ay nakita ni Juan si _____
na lumalapit sa kanya at sinabi, Narito, ang _____ ng Dios
na nagaalis ng kasalanan ng sanlibutan.

2. Bakit kailangang mamatay si Jesus?

Roma 3:23 Sapagkat ang _____ ay nagkasala.

Roma 6:23 Sapagkat ang kabayaran ng kasalanan ay _____.

Hebreo 9:22 Kung wala ng pagkabuhos ng _____ ay
walang kapatawaran.

I Korinto 15:3 Si Kristo ay namatay dahil sa _____ mga

I Pedro 3:18 Sapagkat si Kristo man ay nagbata ng minsan dahil sa
mga _____, ang _____ dahil sa mga _____.

PALIWANAG: Mahalaga ang Biblia sapagkat ito ang nagsasabi kung paanong pumasok ang kasalanan sa sanlibutan at kung paano ito aalisin. Hindi mapapahintulutan ng Dios ang kasamaan ng kasalanan. Nang magkasala si Eba at si Adan, ang kamatayan na siyang kabayaran ng kasalanan ay naranasan ng lahat. Dahil dito, tanda ng di-matingkalang pag-ibig, ay isinugo ng Dios ang Kanyang Anak upang mamatay para sa inyo at para sa akin.

3. Ano ang tawag sa dakilang panukalang ito ng kaligtasan?

Apok. 14:6 Na walang hanggang _____ upang ibalita sa
mga nananahan sa lupa.

PALIWANAG: Ang panukala ng kaligtasan ng Dios ay tinatawag na "ebanghelyo" na ang ibig sabihin ay "mabuting balita." Ito ang kahangahangang balita na naipagkaloob na sa tao.

4. Bakit ginawa ng Dios ang sakripisyong ito para sa atin?

Juan 3:16 Gayon na lamang ang _____ ng Dios sa
sanlibutan na Kanyang _____ ang Kanyang bugtong na Anak.


PALIWANAG: Ang pinakamatibay na tali sa lupa ay ang pag-ibig ng magulang sa anak. Nang ipagkaloob ng Dios Ama ang Kanyang anak na si Jesus upang magdusa at mamatay para sa atin, ay ipinahayag Niya sa makapangyarihang pangungusap ang pag-ibig Niya sa bawat isa sa atin.

5. Ano ang dapat kong gawin upang makinabang sa sakripisyong ito?

Mga Gawa 16:31 _____ ka sa Panginoong Jesus, at ikaw
ay maliligtas.

Juan 1:12 Datapwa't ang lahat ng tumanggap sa Kanya ay
pinagkalooban Niya sila ng kapangyarihan na maging mga
_____ ng _____.

PALIWANAG: Ang alay na kaligtasan ni Jesus ay isang kaloob (Roma 6:23). Ang aking bahagi ay paniwalaan itong totoo at tanggapin ang kaloob na may pananampalataya.





6. Kung gayon, paano ako mapapatawad at malilinis?

Mga Gawa 3:19 *Kaya nga _____ kayo at mangagbalik-loob upang mangapawi ang inyong mga kasalanan.*

I Juan 1:9 *Kung _____ natin ang ating mga kasalanan ay tapat at banal siya na tayo'y patatawarin sa ating mga kasalanan, at tayo'y _____ sa ating mga kalikuan.*

PALIWANAG: Ang tunay na pagsisi ay ang pagkalungkot at pagtalikod sa kasalanan (Mga Kawikaan 28:13).

7. Ano ang tawag sa kahangahangang karanasang ito ng pagkahikayat?

Juan 3:7 *Kinakailangan ngang kayo'y _____*

PALIWANAG: Ang maluwalhating karanasang ito ay binabanggit na bagong pagsilang, dahil sa sandaling yaon, ay wala tayong nakaraan. Sa halip ay nagpapasimula tayo ng panibagong buhay tulad ng isang sanggol.

8. Sino ang pumapasok sa puso ng isang bagong-silang na Kristiano?

Juan 14:17 *Samakatuwid бага'y ang _____ ng katotohanan ... Siya'y makikilala ninyo sapagkat siya'y tumatahan sa inyo at sasa inyo.*

PALIWANAG: Si Jesus mismo ang tatahan sa isang Kristiano sa pamamagitan ng Espirito Santo.

9. Kapag tumahan sa akin si Jesus sa pamamagitan ng Espirito Santo, ano ang aking gagawin?

Filipos 2:13 *Maging sa pagnanasa at sa _____ ayon sa Kanyang kalooban.*

PALIWANAG: Nais kong gawin ang kanyang kalooban at binibigyan Niya ako ng kapangyarihan na magawa ito.

10. Bakit ako makapagtitiwala na ang aking karanasan ng bagong pagsilang ay magtatagumpay?

Filipos 1:6 *Siya na _____ ng mabuting gawa sa inyo ay tutuparin hanggang sa araw ni Kristo.*

PALIWANAG: Ako ay may tiwala dahil ipinangako ni Jesus na tutuparin ito para sa akin sa pamamagitan ng kanyang dakilang kapangyarihan. Ang kaligtasan ay nakasalalay sa Kanyang kakayahan at hindi sa akin.

11. Bakit bigo ang ilang tao sa kanilang karanasang Kristiano?

Isaias 53:6 *Tayo ay tumungo bawat isa sa kanyang sariling _____*

2 Pedro 3:2 *Upang maalala ninyo ... ang utos ng _____ at Tagapagligtas.*

PALIWANAG: Madalas na bigo ang mga tao sa kanilang karanasang Kristiyano sapagkat tinanggap nila si Kristo na Tagapagligtas, ngunit hindi Panginoon o "tagapangasiwa" ng kanilang buhay. Kapag tinanggap natin si Jesus na Panginoon, ipinagkakaloob natin sa Kanya ang pamamahala ng ating buhay.





12. Papaano ko malalaman na tinatanggap ako ni Jesus at ako ay Kanyang anak?

Titos 1:2 *Ang Dios, na di nagsisinungaling ay _____.*
Mateo 7:7 *Magsihingi kayo, at kayo'y _____.*

13. Papaanong babaguhin ng tunay na pagbabalik-loob ang buhay?

- A. Juan 13:35 *Sa ganito'y mangakikilala ng lahat ng tao na kayo'y aking mga alagad, kung kayo'y may _____ sa isa't isa.*
B. 2 Korinto 5:17 *Kaya't kung ang sino man ay na kay Kristo, siya'y isang _____ nilalang.*
C. I Juan 3:22 *Sapagkat kung tinutupad natin ang kanyang mga utos at _____ ang mga bagay na kalugodlugod sa kanyang paningin.*
D. Roma 12:2 *Huwag kayong magsiayon sa _____ ito: kundi _____ sa pamamagitan ng pagbabago ng inyong pagiisip upang mapatunayan ninyo kung alin ang mabuti at kaayaaya at lubos na _____ ng Dios.*
E. Mga Gawa 1:8 *Kayo'y magiging mga _____ ko.*
F. Epeso 6:18 _____ ng lahat ng panalangin at daing sa buong panahon.

14. Anong mga kahangahangang pangako ang dumarating sa buhay Kristiyano?

- A. Filipos 4:13 *Magagawa ko ang _____ sa pamamagitan ni Kristo na nagpapalakas sa akin.*
B. Filipos 4:19 *At pupunan ng Dios ang lahat ng inyong _____.*
C. Markos 10:27 *Sapagkat sa Dios ang lahat ng bagay may _____.*
D. Juan 15:11 *Upang ang inyong _____ ay malubos.*
E. Juan 10:10 *Upang sila'y magkaroon ng buhay ... at magkaroon ng _____ nito.*
F. Hebreo 13:5 *Hindi kita _____ ni hindi kita pababayaan.*
G. Hebreo 13:6 *Hindi ako _____ anuman ang gawin ng tao sa akin.*
H. Juan 14:27 *Ang Aking _____ ay ibinibigay ko sa inyo.*



PALIWANAG: Ipinagkakaloob ng Dios sa Kanyang bayan ang mga sumusunod na walong mahahalagang pangako:

- Magagawa natin ang lahat sa pamamagitan ni Jesus.
- Ipagkakaloob ang lahat nating pangangailangan.
- Walang imposible para sa atin.
- Ang kasiyahan natin ay lubos.
- Magkaroon tayo ng saganang buhay.
- Hindi tayo iiwan ni pababayaan man ng Dios.
- Hindi tayo dapat matakot sa anumang gagawin sa atin ng mga tao.
- Ipagkakaloob ng Dios sa atin ang Kanyang sakdal na kapayapaan.

Purihin ang Panginoon! Ano pa ang higit na mabuti kaysa rito?



Ang Iyong Tugon

Magpapasya ka na ba ngayon na tanggapin ang panukala ng Panginoon na iligtas ka o kaya'y muling baguhin ang kapasyahang yaon?

TUGON: _____

Karagdagan

Ang bahaging ito ay mga dagdag na impormasyon para sa dagdag na pag-aaral.

Ligtas na Minsan, Ligtas na Magpakailan Man?

Maari pa bang mawaglit ang tao minsang tinanggap niya si Jesus na Kanyang Tagapagligtas? Sa Salita lamang ng Dios masusumpungan ang tugon sa tanong na ito. Ang Biblia ay nagsasalita para sa kanyang sarili: “Na ating ingatang matibay ang pagkakilala ng ating pagasa upang huwag magalinlangan: sapagkat tapat ang nangako; At tayo'y mangagtinginan upang tayo'y mangaudyok sa pagiibigan at mabubuting gawa ... Sapagkat kung ating sinasadya ang pagkakasala pagkatapos nating matanggap ang pagkakilala sa katotohanan ay wala nang natitira pang hain patungkol sa kasalanan (Hebreo 10:23, 24, 26).

Hindi itinuturo ng Biblia na ang ating kapanagutan ay nagwawakas na sa sandaling tayo ay maging Kristiyano. Ang Salita ng Dios ay maliwanag: “Sapagkat kung pagkatapos na sila'y makatakas sa mga pagkahawa sa sanlibutan sa pamamagitan ng pagkakilala sa Panginoon at Tagapagligtas na si Jesukristo ay muling mahalubiluhan at madaig niyaon ay lalong sumasama ang huling kalagayan nila kaysa una. Sapagkat magaling pa sa kanila ang hindi nakakilala ng daan ng katuwiran, kaysa pagkatapos na makilala ito ay tumalikod sa banal na utos na ibinigay sa kanila. Nangyari sa kanila ang ayon sa kawikaang tunay, Nagbalik na muli ang aso sa kanyang sariling suka, at sa paglulubalob sa pusali ang babaing baboy na nahugasan.” 2 Pedro 2:20-22.

Ang pagiging Kristiyano ay higit pa kaysa isang kapasyahan. Sinabi ng Panginoon na ang ating kaligtasan ay nakabatay sa kondisyon na magpapatuloy sa Kanya (Juan 15:4). Si San Pablo ay nagsabi na “Ako'y namamatay araw-araw.” I Kor. 15:31. Araw-araw ay tinatanggihan niya ang kanyang sarili at sumusunod sa Panginoon.. Ang Panginoon din ang nagwika: “Kung ang sinoman ay susunod sa Akin, ay tanggihan niya ang kanyang sarili, pasanin ang kanyang krus at sumunod sa akin.” Lukas 9:23.

Hindi itinuturo ng Biblia na maaari tayong tumalikod sa katotohanan at manatili pa ring ligtas. Sa Ezekiel 18:24 ay sinasabi “Ngunit pagka ang matuwid ay humiwalay sa kanyang katuwiran, at gumawa ng kasamaan at gumawa ng ayon sa lahat na kasuklamsuklam na ginagawa ng masamang tao, mabubuhay бага siya? Walang alalahanin sa kanyang mga matuwid na gawa na kanyang ginawa; sa kanyang pagsalangsang na kanyang isinalangsang, at sa kanyang kasalanan na





kanyang ipinagkasala, sa mga yaon mamamtay siya.” Ipinaalala rin ni San Pablo “Kaya’t ang may akalang siya’y nakatayo, mag-ingat na baka siya ay mabuwal.” I Kor. 10:12.

Ang ilang mga tao ay iniisip na sila’y “makapagsasalita ng salita” na hindi “lumalakad ng lakad” Ngunit sinabi ng Panginoon, “Hindi lahat ng nagsasabi sa akin sa araw na yaon, Panginoon, Panginoon, ay papasok sa kaharian ng langit; kundi siya na gumaganap ng kalooban ng Aking Amang nasa langit. Marami ang magsasabi sa akin sa araw na yaon,

Panginoon, Panginoon, hindi ba nagpalayas kami ng mga demonyo sa iyong pangalan, at sa iyong pangalan ay nangagsipanghula kami? At gumawa ng mga kahangahangang gawa. At sasabihin ko sa kanila, Hindi ko kayo nangakikilala. Magsihayo kayo sa akin, kayong mga manggagawa ng mga katampalasanan! Mateo 7:21-23.

Ang maniwala na minsan tayong iniligtas ay hindi na tayo mawawaglit ay naniniwala na ang Dios ay nagaalis ng ating dakilang kalayaan—ang kalayaan ng pagpili. Sa kabilang dako, nais ng Dios na magkaroon tayo ng katiyakan na Kanyang tatapusin ang gawang sinimulan Niya sa ating buhay. Filipos 1:6.

Kung tayo’y patuloy na susunod, Siya’y patuloy na pangungunahan at kailan man ay hindi bibitawan ang kamay na kusang-loob na iniabot sa Kanya. “Siyang magtiis hanggang sa wakas ay siyang maliligtas.” Mateo 24:13.

